Pebrero 2010 • Allied Waste Services ng Lungsod ng Daly

Organics Recycling Newsletter

SA ISYUNG ITO:
- **Ang Itinatampok na Kustomer: Joe's of Westlake**
- **Food Pantry Donation**

Itinatampok na Kustomer sa Pagre-recycle

JOE'S OF WESTLAKE

11 Glenwood Avenue
Daly City, CA 94015
(650) 755-7400
joesofwestlake.com

Melinda Scatena, Joe's of Westlake

Sa mahigit na 50 taon, ang Joe's of Westlake ang naging pangunahing kainan ng komunidad ng Lungsod ng Daly. Katangi-tangi sa lutong Italian-American sa murang presyo, kilala ang Joe's of Westlake para sa kanyang mga maraming iba't ibang pagkain sa menu para matiyak na maibibigay ang lahat ng gustong pagkain. Sa Allied Waste ng Lungsod ng Daly, ang Joe's of Westlake ay naging napakalaking kasangga sa pagtataguyod at pangangalaga ng kalikasan sa pamamagitan ng pagsali sa sinusubukang programa ng Allied sa pagre-recyle ng nasasayang na pagkain.

Bago ang pagpapalista nito sa programa para sa nasasayang na pagkain, nabawasan na ng Joe's of Westlake ang basura nito sa pamamagitan ng pagre-recycle sa diversion rate na 69% at, sa pamamagitan ng pagdagdag ng pagre-recycle ng nasayang na pagkain noong Setyembre, napataas ng Joe's of Westlake ang diversion nang hanggang sa kahanga-hangang 84%.

Ang may-ari ng Joe's of Westlake, si Melinda Scatena, at ang kanyang mga kawani ay nagsisikap sa araw-araw para ilipat ang sinrami hangga't maaari sa pag-recycle imbes na itatapon. Sa pamamagitan nito, nabawasan nila sa kalahati ang serbisyo ng basurero at sa ngayon ay nakakatipid ng $4,000 taun-taon sa kanilang ibabayad sa mga pagkolekta ng basura.

— ipinagpapatuloy

Kasali sa Programang Organics Recycling

- Joe's of Westlake
- Celia's Mexican Restaurant
- King Wah Restaurant
- Koi Palace
- La Loma Produce
- Moonstar
- North Peninsula Food Pantry
- Outback Steakhouse
- Pacific Supermarket
- Sizzler Colma
- Sizzler Daly City
- Wendy's

"Ang pagre-recylce ng mga nasasayang na mga pagkain mula sa aming kusina ay napakasimple at maginhawa," sabi ni Scatena "Ang mga ilang madadaling hakbang na ito ang naging dahilan ng pagiging mas makalikasan o environmentally friendly ng Joe's of Westlake at nakakatipid kami ng malaki-laking halaga sa aming babayarin sa pagkakakolekta ng aming basura sa bawat buwan."

Ang mga basurang tulad ng taba ng karne, waxed cardboard, shell ng mga pagkaing lamang-dagat, prutas, gulay at tinapay ay tinatanggap lahat sa programa ng nasasayang na pagkain. Ihihiwalay lamang ng mga kawani ang mga bagay na ito sa isang lalagyan, at pagkatapos ay itatapon sa labas sa isang asul na basurahan ng pagkain, at panghuli ay kokolektahin ng Allied Waste Services nang tatlong beses sa bawat linggo.

Palakihin ang inyong diversion rate sa pamamagitan ng pagtawag sa Allied Waste Services ng Lungsod ng Daly sa (650) 756-1130 para masimulan ang pagre-recycle ng inyong ibinabasurang pagkain!

Tinutulungan ng Allied Waste ng Daly City ang lokal na food pantry!!

Allied Waste General Manager, na si Anthony Boccaleoni at ang may-ari ng Moonstar na si Daisy Li ang nag-abot ng donasyon kay Denise Kelly, ang Executive Director ng North Peninsula Food Pantry and Dining Center ng Lungsod ng Daly.

Noong pumirma si Daisy Li, ang may-ari ng seafood buffet na Moonstar Restaurant sa Lungsod ng Daly, sa sinusubukang programa ng Lungsod ng Daly na pagre-recycle ng nasasayang na pagkain, hindi niya inasahang ang kanyang pagsali ay hihigit pa sa pagtataguyod ng kalikasan. Gayun din sa mga ibang may-ari ng restaurant na sumali.

Nag-alok ang Allied Waste General Manager, si Anthony Boccaleoni, ng malaking halaga ng insentibo sa mga negosyong handa nang palaguhin ang kanilang pagsisikap sa pagre-recycle – para sa kustomer na aktibong sumasali sa bagong programa ng pagre-recycle ng nasasayang na pagkain, magbibigay ng $50 bilang donasyon ang Allied Waste sa lokal na food pantry.

" Ano pa ang mas bubuting paraan para paglapitin ang mga non-profit organization o samahang di kumikita at ang mga lokal na negosyo? Sa kabilang dako, nakakatipid ng pera ang kustomer at sumusuporta sa pangkalikasang kilusan at saka tumutulong sila sa pagbigay ng mga nakakabuti sa kalusugang pagkain sa mga lokal na pamilyang nangangailangan,' dagdag pa ni Boccaleoni. ***Wala na akong maiisip pa na mas gaganda pang paraan upang pag-isahin ang komunidad - ito ay tunay na nagbibigay ng bagong kahulugan sa pagpapatibay ng samahan."***

Bukod sa pagbibigay ng donasyon, iginawad ng Allied Waste sa bawat kasaling negosyo ang kawayang plake na nagtataglay ng panimulang isyu ng Allied Waste's Organics Newsletter.

1680 Edgeworth Avenue
Daly City, CA 95014
(650) 756-1130
www.alliedwastedalycity.com